# 2 Nursery Teacher




Maraming dayuhan ang naninirahan sa prefecture na ito. At karamihan sa kanila ay ipinapa-alaga ang kanilang anak sa daycare upang makapagtrabaho. Subalit halos walang interpreter na nagtatrabaho dito. At dahil dito ay nagkakaroon ng problema sa komunikasyon ng bata sa kapwa bata at ng guro sa magulang nito. Malaking tulong kung magkakaroon sana ng nursery teacher na marunong magsalita ng ibang lenguwahe para mas lumakas ang loob ng mga bata. Ang propesyon ito ay para sa mga mahilig at gustong mag-alaga ng bata.

## Para maging isang nursery teacher

- **Junior Highschool Graduate** → **Senior highschool graduate** →
  - University ( 4 taon ) Junior College (2 taon)
    Child care and Child Education Course
    4 na institution sa prefecture
    (Suzuka Junior College,
    Takada Junior College
    Koggakan University
  - Walang vocational school sa prefecture sa ilalim ng pangangasiwa ng Ministry of Health, Labor and Welfare
  - → Nursery Teacher's qualification Certificate
- **Senior highschool graduate** →
  - Kung sakaling hindi nakuha ang lahat ng units na kailangan sa university, junior college, vocational school para sa pagiging nursery teacher
  - Kailangan 2 years experience ng pagtatrabaho sa (※) children's welfare institution
  - → Qualification Examination para maging certified nursery teacher → Nursery Teacher's qualification Certificate
- **Junior Highschool Graduate** →
  - Kailangan mahigit na 5 years experience sa pagtatrabaho sa (※) children's welfare institutions, daycare school, at iba pa
  - → Qualification Examination para maging certified nursery teacher → Nursery Teacher's qualification Certificate

※Nursery institution, orphanage at institusyon para sa mg a kapansarang bata.

### ＜Maagang preparasyon＞

Upang makapasok sa paaralan at vocational school nang pagiging isang nursery teacher, at maipasa ang iksaminasyon para makuha ang lisensya ay kinakailangan ang sapat na talino at high level standard ng Japanese language.

Pagbutihin ang pag-aaral ng Japanese, sariling wika at iba pang subjects para maging preparado.

### ＜Kung maging isang qualified daycare teacher, saan maaring magtrabaho＞

Una, kailangan magpalista bilang isang registered nursery teacher sa kinabibilangang prefecture.

Maaring magtrabaho sa public at private daycare, private nursery center, child welfare institution at handicapped children's institution.

Ang average annual salary ng nursery teacher ay 3,200,000 yen.

### ＜Magkano ang magagastos sa pag-aaral (tuition fee)?＞

National universities (4 taon) mahigit 2,400,000 yen. Private universities (4 taon) aabutin ng mahigit 4,000,000 yen. Sa Junior College ( 2 taon ) aabutin ng mahigit 1,800,000 yen.